# PINAHIRAM UPANG MABIYAYAAN

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Disyembre 11, 2021

May gustong hiramin ang Diyos sa atin. Halimbawa, gusto Niyang hiramin ang ating tinig. Hindi mahalaga sa Kanya kung hindi maganda ang ating boses, Ang tinitignan ng Diyos kung ipahihiram natin nang buong puso ang ating boses para purihin Siya. Gusto Niyang hiramin ang ating mga mata upang makita ang mga taong nangangailangan ng tulong. Tuwing ibinabalik ng Diyos ang mga hiniram, laging may kalakip na pagpapala. Saganang pagpapala'y makakamtan kung sarili'y ipahihiram.

**1. Ang mga pangako ng Diyos**

**1.1.** Mabuting pamamahala sa ating katawan, talento, oras at mapagkukunan.

**1.2.** Hindi tayo mangungutang bagkus tayo pa ang magpapahiram. Bubuksan Niya ang langit upang ibuhos ang ulan sa kapanahunan (Dt.28:12).

**1.3.** Iwasan nating mabaon sa utang; ayaw ng Diyos na maging alipin tayo ng nagpapahiram (Kawikaan 22:7).

**1.4.** Hiniram Niya ang tungkod mula kay Moises at ginamit Niya ito upang makalikha ng himala (Exo.4:2).

**1.5.** Ang ating Panginoon ay kailangang manghiram ng mga bagay upang maisagawa Niya ang dapat gawin. Ngunit, lahat ng mayroon tayo ay pag-aari Niya (Hag.2:8). Bawat isa sa atin ay may tanging regalo mula sa Diyos (1Cor.7.6) at lahat tayo'y kasangkapan Niya para magamit sa tangi Niyang gawain. Tuwing hinihiram ng Diyos ang ating oras, ibabalik Niya ito nang higit na mabuti kaysa dati.

**2. Ang 6 na bagay na hiniram ni Hesus sa Kanyang ministeryo .**

**2.1** Hiniram ng Diyos ang **sabsaban** para sa Kanyang anak sapagkat wala nang lugar sa kanila sa bahay-panuluyan (Lk.2:7).

- Masyado ba tayong abala sa maraming bagay na wala na tayong puwang upang magsilbi sa Kanya?

**2.2** Hiniram ng Diyos ang **bahay** para pagalingin Niya ang paralitiko (Lk. 5:17-20). Pumapayag ba tayong hiramin ng Diyos ang ating oras para may mailapit na kapwa sa Kanya?

**2.3** Hiniram ni Hesus ang **bangkang pangisda** ni Pedro para gamiting pulpito.

- Tuwing nanghihiram ang Diyos, ibabalik Niya itong sagana. Dahil ipinahiram ni Pedro ang kanyang bangka, nagpahiram naman ng oras ang iba, lubos silang pinagpala ni Hesus ng napakaraming isda (Lk. 5:1-3).
- Tuwing sumusunod tayo, binibiyayaan din ang ibang tao higit lalo ang ating mga anak.
- Tuwing humihiram si Hesus ng isang bagay, pupunuin Niya ito. Mas marami pa Siyang ibabalik (Eph. 3).
- Kinikilala ng mga alagad ang kanyang pagiging Panginoon. Sinigurado ng Diyos na maging mamamalakaya ng tao si Pedro (Lk.5:10-11).
- Ang sinumang mag-tiis na iwan ang tahanan at pamilya upang sumunod kay Hesus ay makatatanggap ng makasandaang ibayo, at pagkakalooban ng buhay na walang hanggan (Mt.19:27-30). Naglingkod si Job sa Diyos kahit tinutuya siya ng kanyang asawa, at ginantimpalaan siya nang doble at ibinalik ang dati niyang kabuhayan at biniyayaan ng mahabang buhay (Job 42).
- Binibigyan ng Diyos ng kapangyarihan ang mga sumusunod sa Kanya. " Ang Diyos ang nagbibigay ng pagnanasa at kakayahang maisagawa ang Kanyang kalooban (Fil.2:13).

(Itutuloy ang #4 hanggang #6)

**Konklusyon:**

Sa ngayon, gusto ni Hesus na hiramin ang ating mga tinig, ating katawan, ating oras, ating talento, at ang ating pinagkukunan. Gusto ba nating ipahiram ang mga ito para magamit Niya sa Kanyang kaharian?

**Pagninilay:**

1. Ano kaya ang hihiramin ni Hesus sa iyo?
2. Handa ka bang gamitin ng Diyos sa makapangyarihang paraan, kahit sa mahirap na sitwasyon o pagsubok?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
Tags:#Pananampalataya#Pagsunod#Magsilbi